Social Security

# Ang Pagnanakaw Ng Pagka-kakilanlan At Ang Numero Ng Iyong Social Security

www.socialsecurity.gov

# Ang Pagnanakaw Ng Pagka-kakilanlan At Ang Numero Ng Iyong Social Security

Ang pagnanakaw ng pagka-kakilanlan ay isa sa pinakamabilis na lumalagong krimen sa America. Kapag nakuha ng hindi tapat na tao ang numero ng Social Security mo, ang magnanakaw ay maaaring gamitin ito para makuha ang iba mo pang personal na impormasyong na nauukol sa iyo. Sa lahat ng oras ay gagamitin ng mga magnanakaw ng pagka-kakilanlan ang iyong numero at ang mahusay mong credit upang mag-apply para sa karagdagan pang credit sa iyong pangalan. Pagkatapos nito ay gagamitin nila ang mga credit card at hindi nila babayaran ang kanilang mga pagka-kautang. Hindi mo malalaman na may gumagamit ng iyong numero hanggang sa ikaw ay tanggihang pautangin, o hanggang sa ikaw ay magsimulang makatanggap ng mga tawag mula sa mga hindi kilalang mga pautangan na naghahabol ng kanilang kabayaran para sa mga bagay na hindi mo naman binili.

Maging sino mang walang pahintulot na gagamit ng numero mo sa Social Security na pati na ang iyong pagkaka-kilanlan ay gagamitin at magkukunwaring siya ay ikaw ay maaaring maging sanhi ng maraming mga problema kapag nagkataon.

## Lihim ang iyong numero

Ang numero mo sa Social Security at ang aming mga talaan ay lihim. Hindi namin ipinamimigay ang iyong numero sa sino mang

tao, maliban kung may kapahintulutan ang batas. Ikaw ay dapat na maging maingat sa paki-kibahagi ng iyong numero sa kahit na sinong humingi nito (kahit na bibigyan ka pa ng benepisyo o serbisyo).

## Huwag gawing madali sa sino man na nakawin ang iyong numero

Ang mga magnanakaw ng pagka-kakilanlan ay makukuha ang iyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng:

- Pagnakaw ng mga pitaka, mga bag at ng iyong mga sulat (mga kasulatan ng bangko at credit card, pre-approved credit offers [pinayagang pagpapautang], mga calling card ng telepono at impormasyon sa buwis);
- Pagnakaw ng personal na impormasyon na ipinagka-loob mo sa hindi protektadong site sa Internet, magmula sa mga talaan ng negosyo o tauhan ng personnel at personal na impormasyon sa iyong tahanan;
- Paghalungkat ng basura para sa personal mong data;
- Pagkukunwari bilang sino mang matuwid na taong nangangailangan ng impormasyon tungkol sa iyo, tulad ng mga pinaglilingkuran o mga landlord; o
- Pagbili ng personal na impormasyon mula sa mga mapagkukunan sa “loob.” Halimbawa, maaaring bayaran ng magnanakaw ng pagka-kakilanlan ang tauhan ng tindahan para sa impormasyon tungkol sa iyo na

lumilitaw sa application mo para sa mga kalakalan, mga serbisyo o pagka-kautang mo sa kanila.

## Paka-ingatan ang iyong kard at numero ng Social Security upang maiwasan itong manakaw

Ipakita ang iyong kard sa iyong pinaglilingkuran kapag magsisimula ka pa lang sa trabaho para maging tama ang iyong mga talaan. Pagkatapos ay itago na ito. **HUWAG** mong dadala-dalahin ang iyong kard.

## Papaano kong iuulat na may sino mang taong gumagamit ng aking numero ng Social Security?

Dapat kang mag-file ng reklamo sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng:

- Internet—
  ***www.consumer.gov/idtheft***
- Telepono—
  **1-877-IDTHEFT (1-877-438-4338)**
- TTY—
  **1-866-653-4261**

Kung sa palagay mo ay may gumagamit ng iyong numero para siya ay makapagtrabaho, dapat kang makipag-alam sa Social Security. Ang isang paraan upang malaman kung may sino mang gumagamit ng iyong numero para makapagtrabaho ay ang tingnan ang iyong

Social Security Statement (Pahayag ng Social Security). Nakalista sa Pahayag na ito ang mga kinitang naitalaga na sa iyong talaan sa Social Security. Kung may mahahanap kang pagka-kamali sa pahayag mong ito, makipag-alam kaagad sa Social Security.

## Paano kung sa palagay ko ay may gumagamit ng aking numero at naglilikha ng mga problema sa pagka-kautangan?

Kung ang numero ng Social Security mo ay ginagamit ng kung sino upang makakuha ng credit, ang Social Security ay hindi maayos ang iyong talaan ng credit (utangan); Upang ayusin ang talaan ng credit mo ay:

- Tawagan ang mga nagpapautang na nagpahintulot ng pagpapa-utang (sundan ito ng pag-sulat).
- Mag-file ng ulat sa pulis.
- Makipag-alam sa fraud department (kagawaran ng pandaraya) ng mga pangunahing credit bureau. Tanungin ang mga sumusunod:
  —Palagyan ng flag ang talaan mo, na nag-aatas sa mga nagpapautang na tawagan ka muna bago magpahintulot ng karagdagang credit na gamit ang iyong pangalan at numero;
  —Gaano katagal magkakaroon ng flag ang iyong account at paano mo maaaring mapapanatili ang flag na ito, kung

(kabila)

kinakailangan; at

—Magpadagdag ng pahayag sa iyong ulat ng credit—isama ang iyong pangalan, at kapaliwanagan ng problema at magkaloob ng numero ng telepono kung saan ka matatawagan.

Hilingin ang kopya ng iyong credit report mula sa bawat pangunahing credit bureau at tingnan upang magsiyasat kung ito nga ay naglalaman ng kung ano mang ipinasok na hindi mo naman alam kung ito ay tungkol saan. Kung tinanggihan kang pautangin, maaaring may karapatan kang makakuha ng libreng kopya ng iyong talaan.

## Ang mga sumusunod ay ang mga pangunahing ahensiya na nag-uulat ng kredito:

Equifax
***www.equifax.com***
Ulatan ng pandaraya:
**1-800-525-6285**
Pag-order ng credit report:
**1-800-685-1111**
P.O. Box 740241
Atlanta, GA 30374-0241

Experian
***www.experian.com***
Ulatan ang pandaraya:
**1-888-397-3742**
Pag-order ng credit report:
**1-888-EXPERIAN**
**(1-888-397-3742)**
P.O. Box 1017
Allen, TX 75013-0949

TransUnion
*www.tuc.com*
Ulatan ng pandaraya:
**1-800-680-7289**
Pag-order ng credit report:
**1-800-916-8800**
Fraud Victim Assitance Department
(Kagawaran ng Tulong sa Biktima ng
Pandaraya)
P.O. Box 6790
Fullerton, CA 92834

## Ang pagkuha ng bagong numero ng Social Security

Kung ginawa mo na ang lahat upang ayusin ang problema at mayroon pa ring gumagamit ng iyong numero, maaari ka naming bigyan ng bagong numero. Hindi namin mapa-panagutan na malulutas ng bagong numerong ito ang iyong problema.

**Hindi** ka maaaring kumuha ng bagong numero ng Social Security kung:

- Nag-file ka ng bankruptcy;
- Binabalak mong iwasan ang batas o ang iyong legal na pananagutan; o
- Nawala o ninakaw ang iyong kard ng Social Security, ngunit walang katunayang nagpapakita na may gumagamit ng iyong numero.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa mga karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang aming mga publikasyon, bumisita sa aming website sa *www.socialsecurity.gov* o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may

kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot naming ang mga specific mong katanungan at makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

**Kung kailangan mo ng interpreter** sa pag-aasikaso ng iyong Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kinakausap kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang salita mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na makatatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10064-LC
Identity Theft And Your Social Security Number (Tagalog)
February 2004